# Pagtakas

Flight

Filipino (Tagalog) Translation

Ano pa ang kailangan, maliban sa pag-asa, kung ikaw ay ako,
Upang sumakay sa bangka at tumakas patungong dagat?
Lahat ng mga taong iiwanan sa likod;
Tumakbo! Huwag lilingon, upang hindi makita ang nakaraan.
Dumating sila upang manakop, walang dahilan, walang katarungan;
Oh, ang kasalanan, kamatayan, at panghihinayang!

Inalipin ang ating mga tao; binago ang kanilang isip.
Kailangan naming sumunod; wala silang awa.
Ang aking asawa't mga anak, tahanan at mga pangarap!
Ang mga matang ito'y nagluluha; ang puso ko'y humihiyaw!
Ang aking mga gawa at pagod; ngayo'y walang kabuluhan.
Ang mundong ito'y gulong-gulo; "Saan tayo tatakas?"

Ama, Ina, mga kapatid,
Nais kong magpaalam nang mahigpit.
Lolo, Lola, mga tiyo at tiya,
Hanggang sa huling araw ko'y mamimiss ko kayo.

Mula bayan hanggang bayan, iisa ang nangyari.
Sinunog ang aming mga tahanan; sila ang nagpaalab.
Takot, pagkawasak, pagkaalipin, at pighati;
Pagtotorture, pagnanakaw; ang pagkagiba—Hindi masukat!

Walang pagkain o tubig, ngunit nagtulakan patungong barko.
Saan tayo patungo? Makaliligtas kaya tayo?
Wala na itong halaga. Wala na tayong mawawala.
Ito na lang ang pag-asa natin!
Ninakaw nila ang ating lupa at kalayaan!